
2

# Health

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5:
## Panuntunang Pangkaligtasan sa Paggamit ng Produktong Kemikal




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Health – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat Markahan – Modyul 5:** Naipapaliwanag ang panuntunang pangkaligtasan sa paggamit ng produktong kemikal sa loob ng tahanan. (**H2IS-IVg-16)**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat** | : May Bernadeth R. Cuzon |
| **Editor** | : Amelia F. Bulaong |
| **Tagasuri** | : Jocelyn DR. Canlas<br>Neil Omar B. Gamos |
| **Tagaguhit** | : Mary Rose G. Ga |
| **Tagalapat** | : Melissa M. Santiago |
| **Tagapamahala** | Nicolas T. Capulong, PhD, CESO V<br>Librada M. Rubio, PhD<br>Ma. Editha R. Caparas, EdD<br>Nestor P. Nuesca, EdD<br>Marie Ann Ligsay, PhD<br>Engelbert Agunday, PhD<br>Fatima M. Punongbayan<br>Arnelia R. Trajano, PhD<br>Salvador B. Lozano |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon- Rehiyon III**
Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Health

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5: Panuntunang Pangkaligtasan sa Paggamit ng Produktong Kemikal

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Health 2** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Panuntunang Pangkaligtasan sa Paggamit ng Produktong Kemikal!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Health 2** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol **Panuntunang Pangkaligtasan sa Paggamit ng Produktong Kemikal!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Naipaliliwanag ang mga panuntunang pangkaligtasan sa paggamit ng produktong kemikal sa loob ng tahanan. (H2IS-IVg-16)

# *Subukin*

Panuto: Lagyan ng (✔)tsek kung pamilyar kayo sa mga produktong ipakikita at (x) ekis naman kung hindi. Gawin Ito sa iyong kuwaderno.

1. 


2. 


3. 


4. 



5. 

| Aralin 1 | Tagubilin sa Pabalat ng Produkto |
|---|---|

## *Balikan*

Panuto: Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon . Isulat ito sa iyong kuwaderno.

| | |
|---|---|
| Nakakalason | Nakakukuryente |
| Nagliliyab | Nakatutunaw |
| Panganib | Nakadudulas |




1.



2.



3.



4.



5.

*Mga Tala para sa Guro*

Sa modyul na ito, matutunan ng mga mag - aaral ang mga simbolong magsisilbing babala upang manatiling ligtas sa paggamit ng produkto.



# Tuklasin

Panuto: Pakinggang mabuti ang kuwento at sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ito sa iyong kuwaderno.



Sabado, walang pasok kaya sina Lina at Lito ay tumulong sa mga gawaing bahay.

Si Lito ang tumulong sa pag – aayos at pagdidilig ng halaman. Si Lina naman ang tumulong sa paglilinis ng toilet. Bago sila tumulong pinagbilinan muna sila ng kanilang ina na gumamit ng guwantes at maglagay ng takip sa ilong upang hindi malanghap ang mga kemikal.

Pagkatapos nilang gamitin ang mga kemikal sinigurado nila na inilagay nila ito sa tamang lalagyan at naghugas sila ng kamay.

1. Sino ang tumulong sa mga gawaing bahay?

   ______________________________________

2. Ano ang ginawa ni Lito? Lina?

   ______________________________________

3. Ano ang ginawa nila bago at pagkatapos maglinis?

   ______________________________________

3. Tama ba ang kanilang ginawa?

   ______________________________________

# Suriin

Narito ang mga sumusunod na patnubay o panuntunang pangkaligtasan sa paggamit ng mga produktong kemikal.







## Bago gamitin ang mga pantahanang kemikal

1. Panatilihing nasa tamang lalagyan ang mga produktong nagtataglay ng mapanganib na sangkap.
2. Huwag kailanman ilagay ang mga ito sa taguan ng pagkain.
3. Sundin ang mga tagubilin ng may gawa para sa wastong gamit.

## Habang ginagamit ang mga pantahanang kemikal




1. Tiyakin na may patnubay ng magulang o nakatatanda bago gumamit nito.
2. Magsuot ng mga proteksyon tulad ng gwantes at goggles para sa mata.
3. Huwag tikman o amuyin ang mga ito.
4. Huwag itong paglaruan.

**Pagkatapos gamitin ang mga pantahanang kemikal**

1. Ibalik sa tamang taguan.
2. Maghugas mabuti ng kamay gamit ang sabon.

## *Pagyamanin*

Panuto: Piliin ang tamang pangalan ng kemikal. Isulat ang letra ng tamang sagot. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| | |
|---|---|
| 1. Panlinis ng inidoro | a.   |
| 2. Lason sa daga | b.   |
| 3. Panlusaw at pantanggal ng pintura | c.   |
| 4. Pang-sasakyan | d.   |
| 5. Panlaba | e.   |

# Isaisip

Panuto: Tingnan ang bawat larawan. Isulat sa iyong kuwaderno ang letra ng larawan na nagpapakita ng tamang paggamit o paghawak ng mga mapanganib na kemikal sa bahay.

a.





Lagyan ng tamang label ang mga kemikal na pantahanan.

b.




Magsuot ng guwantes at takip sa ilong at bibig.

c.



Laging tiyaking naisara ang tangke ng gasul matapos gamitin.

d.




Maglagay ng mga bagay na madaling magliyab sa tabi ng kalan.

## *Isagawa*

Panuto: Kumpletuhin ang talahanayan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| **Araw** | **Gawain**<br>(Kailangan ng Tulong ng Nakatatanda) | **Marka**<br>✔ kung nagawa at **x** kung hindi nagawa |
|---|---|---|
| Una | Magpatulong sa nakatatanda sa paglalagay ng mga label sa bawat botelya ng produktong kemikal na madalas gamitin. | |
| Pangalawa | Magpatulong sa mas matanda sa pagtatago ng mga kemikal sa mataas na lugar na hindi maabot ng mga bata. | |
| Ikatlo | Siguruhin na may sapat na kagamitan tulad ng gas mask at guwantes ibahagi sa magulang. | |

## *Tayahin*

Panuto: Isulat sa patlang ang letrang **T** kung ang pangungusap ay tama at isulat ang **M** kung mali. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

___ 1. Huwag ihahalo ang mapanganib na pantahanan kemikal sa iba pang produkto na ginagamit sa kusina.

___ 2. Huwag pansinin ang natapong kemikal sa sahig.


___ 3. Sundin ang tagubilin sa wastong paggamit ng pantahanang kemikal na nakasulat sa label.

___ 4. Gumamit ng *hair spray* malapit sa apoy.

___ 5. Ang mapanganib na pantahanang kemikal ay dalhin sa isang lokal na pangkoleksyon.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Basahin ang komiks sa ibaba at pagkatapos ay sagutan ang mga tanong sa iyong kuwaderno.




Bakit kailangan ko pa pong gumamit ng guwantes at takpan ang aking ilong?
Kailangan mong gumamit ng guwantes upang magsilbing proteksyon sa iyong mga kamay habang gumagamit ka ng kemikal na panlinis. Samantalang ang pantakip sa ilong ay proteksyon upang hindi mo ito malanghap sapagkat nakakasama ito sa kalusugan.




Mga Tanong:

1. Anong gawain ang nais ipagawa ng kanyang Inang kay Lora?____________________________________________

2. Anong paalala ang sinabi ng kanyang Inang?

   ___________________________________________________

3. Sa paggamit ng kemikal na panlinis, bakit kailangang gumamit ng guwantes? ____________________________

4. Bakit kailangang magtakip ng ilong?

   ___________________________________________________

5. Sa iyong palagay, dapat ba tayong mag-ingat sa paggamit ng mga kemikal na matatagpuan sa ating tahanan? Bakit? __________________________________

   ___________________________________________________

# Susi sa Pagwawasto

| | | |
|---|---|---|
| SUBUKIN<br>GURO ANG MAGWAWASTO<br><br>BALIKAN<br>1.NAKALALASON<br>2.PANGANIB<br>3.NAGLILIYAB<br>4.NAKATUTUNAW<br>5.NAKAKUKURYENTE<br><br>TUKLASIN<br>GURO ANG MAGWAWASTO | PAGYAMANIN<br>1.B<br>2.D<br>3.E<br>4.C<br>5.A<br><br>ISAISIP<br>A<br>B<br><br>ISAGAWA<br>GURO ANG MAGWAWASTO | TAYAHIN<br>1.T<br>2.M<br>3.T<br>4.M<br>5.T<br><br>KARAGDAGANG GAWAIN<br>GURO ANG MAGWAWASTO |

# Sanggunian


"Grade 2 LM." k12resources, July 3, 2014. https://k12resources.wordpress.com/k12-learning-materials/grade-2-lm/.

"MELCs per SUBJECT (SY 2020-2021)," May 26, 2020. https://www.deped-click.com/2020/05/melcs-per-subject-sy-2020-2021.html.

"Mga Pantahanang Kemikal Na Emergency." Mga Pantahanang Kemikal na Emergency | Ready.gov. Accessed July 25, 2020. https://www.ready.gov/tl/node/5172.

Understanding the labels on household chemicals. Accessed July 17, 2020. https://www.healthywa.wa.gov. au/Articles/U_Z/Understanding -the-labels-on-househols-chemicals.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph